KABANATA XIII : MGA HULING TADHANA

Seksyon 78. Mga Natatanging Tadhana. Ang Lungsod ng Baguio ay mananatili sa ilalim ng Batas na lumikha sa kanya. Ang lahat ng mga kalupang ipinahayag bilang bahagi ng ng “townsite reservation” ay mananatiling gayon hanggang hindi binabago ang uri ng angkop na batas. Sa kondisyon, Na ang hanggang hindi binabago ang uri ng angkop na batas. Sa kondisyon, Na ang naunang karapatan sa lupa at titulong kinikilala at/o nakuha sa pamamagitan ng anumang paghukom at pamamahala at iba pang pamamaraan bago magkabisa ang Batas na ito ay mananatiling may bias: Sa karagdagang kondisyon, na hindi isasama sa tadhanang ito ang anumang lugar na naging bahagi ng Baguio bago magkabisa ang Batas na ito.

Seksyon 79. Mga Laang Gugulin. Ang halagang kinakailangan upang tustusan ang unang pagpapatupad ng Batas na ito ay magmumula sa kasalukuyang laang gugulin ng ONCC at OSCC. Matapos ito, ang halagang kinakailangan para sa patuloy na pagpapatupad ng batas na ito ay isasama sa taunang Pangkalahatang Batas sa Laang Gugulin.

Seksyon 80. Mga Tuntunin at Alituntunin sa Pagpapatupad. Sa loob ng animnapung (60) araw matapos ang paghirang, ang PKKP/NCIP ay gagawa ng kinakailangang mga tuntunin at alituntunin sa pagpapatupad (Implementing Rules) and Regulations (IRR), sa pakikipagsangguni sa mga Komite sa Pambansang Katutubong Pamayanan sa Mababang Kapulungan at sa Senado para sa mabisang pagpapatupad ng batas na ito.

Seksyon 81. Nakalaang Tadhana. Hindi maaapektuhan ng Batas na ito sa anumang paraan ang mga karapatan at kapakipakinabangan ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/katutubong Pamayanan sa ilalim ng ibang kumbensyon, mga mungkahi, pandaigdigang kasunduan, pambansang batas, gawad, kaugalian at kasunduan.

Seksyon 82. Tadhana sa Pagkakahiwahiwalay. Sa pagkakataon na alinman sa itinatadhana ng Batas na ito

o alinmang bahagi ditto ay isinaad na hindi sangayon sa Saligang batas ng isang may kakayahang hukuman, ang ibang tadhana ay hindi maaapektuhan.

Seksyon 83. Tadhanang Nagpapawalang Bisa. Ang Panguluhang Utos Bilang 410, Pampangasiwaang Utos bilang 122B at 122C, at lahat ng iba pang mga batas, utos, tuntunin at kautusan o mga bahagi nito na salungat sa Batas na ito ay ipinapawalang bias o binabago nang naaayon ditto.
Seksyon 84. Ang batas na ito ay magkakabisa sa loob ng labinlimang (15) araw matapos na mailathala sa Official Gazette o alinman sa dalawang (2) pahayagang may malawak na sirkulasyon.
PINAGTIBAY
(NILAGDAAN)
JOSE DE VENECIA, JR.
Speaker of the House of Representatives
ERNESTO M. MACEDA
President of the Senate
Ang Batas na ito ay pinagsanib sa Senate Bill 1728 at house Bill No. 9125 na isinabatas ng Senado at HOR noong Ika22 ng Oktobre, 1997.
(NILAGDAAN)
ROBERTO P. NAZARENO
Secretary General, HOR
LORENZO P. LEYNES, JR. Secretary of the Senate
PINAGTIBAY; IKA29 NG OKTUBRE, 1997
FIDEL V. RAMOS
President of the Philippines

Revision #1
Created 1 June 2025 05:53:29 by MaharlikanWatchman
Updated 1 June 2025 05:53:46 by MaharlikanWatchman